**Read Ebook {PDF EPUB} Fantasy-Production Sexual Economies and Other Philippine Consequences for the New World Order by Nef**



Fantasy-Production: Sexual Economies and Other Philippine Consequences for the New World Order by Neferti Xina M. Tadiar.

Our systems have detected unusual traffic activity from your network. Please complete this reCAPTCHA to demonstrate that it's you making the requests and not a robot. If you are having trouble seeing or completing this challenge, this page may help. If you continue to experience issues, you can contact JSTOR support.

Block Reference: #df9ebaf0-c433-11eb-9e13-0f4beeaf78e7 VID: #(null) IP: 188.246.226.140 Date and time: Thu, 03 Jun 2021 06:21:03 GMT.

Fantasy-Production: Sexual Economies and Other Philippine Consequences for the New World Order by Neferti Xina M. Tadiar.

Our systems have detected unusual traffic activity from your network. Please complete this reCAPTCHA to demonstrate that it's you making the requests and not a robot. If you are having trouble seeing or completing this challenge, this page may help. If you continue to experience issues, you can contact JSTOR support.

Block Reference: #df9ebaf0-c433-11eb-b419-89d1148ff4f4 VID: #(null) IP: 188.246.226.140 Date and time: Thu, 03 Jun 2021 06:21:03 GMT.

Pantasya sa Bayan Kong Tingi-tingi.

Sa introduksyon ni Neferti Xina Tadiar sa kanyang librong "Fantasy Production: Sexual Economies and Other Philippine Consequences for the New World Order," inilarawan ng kritik na si Tadiar ang pagkanta ng "We Are the World" ng isang prominenteng politikal na pamilya noong dekada sitenta, habang sila'y nakasakay sa isang pribadong yate.

"We are the world,

We are the children…"

Ang pag-awit ng sikat na kanta na ito ay brinodkast sa telebisyon at napanood ng milyun-milyong Pilipino, sa panahon ng Martial Law.

Ayon kay Tadiar, an g mga imahe ng prominenteng pamilya na ito habang sila'y kumakanta "We Are The World" ni Michael Jackson ay simptomatiko ng tinatawag na "fantasy production" sa isang Third World country.

Bagamat marami na ang tumutuligsa sa terminong "third world" dahil matagal nang bumagsak ang USSR at ang Soviet communist bloc (na siya namang itinuturing na Second World), marami pa ring mga eksperto sa akademya ang patuloy na gumagamit sa terminong ito bilang pangmarka sa mga bansang tila naiwan na ng panahon pagdating sa industriyalisasyon, pag-unlad, at ang pinakamahalaga sa lahat ang pag-ahon sa kahirapang bunsod ng neokolonyalismo.

Ano nga ba ang fantasy production at bakit mahalaga ito sa pag-unawa sa isang bansa tulad ng Pilipinas?

Ang pagpapantasya, daydreaming o kahit pananaginip na lamang, ay isang paraan upang mailugar ang sarili at kapwa sa naiibang kondisyon at sitwasyon. Kadalasan, ang isang tao ay nagpapantasya upang takasan ang masasamang aspekto ng pisikal na realidad.

Posible bang magpantasya ang isang buong bayan?

Oo, at makikita ito sa iba't ibang artefakt ng kultura tulad ng panitikan, social media, at mass media.

Ang pantasya ng pag-unlad at pagiging First World ang pinakamatinding pantasya ng ating bansa. Nakikita ito sa maraming aspeto ng pamumuhay ng Pilipino, mula sa sistema ng edukasyon na nakahulma upang manilbihan sa internasyunal na labangan ng murang paggawa't manggagawa, hanggang sa lokal na kultura ng 'tingi' na ilang dekada nang namamayagpag at walang senyales ng paghina.

Ano nga ba ang kulturang tingi?

Ang 'kulturang tingi', bukod sa pagiging paraan ng merkado upang makuha lahat ng klase ng mamimili, mula sa pinakamayaman hanggang sa pinakamahirap, ay bahagi rin ng fantasy-production ng bansa: na sa kaunting pera lamang, mapasasaiyo ang mga bagay na hindi mabili-bili ng bultuhan — dahil nga, hindi abot-kaya.

Maraming bagay ang nasasakop ng kultura ng tingi. Sino nga ba ang hindi pa nakakikita ng anunsyo sa website, radyo, telebisyon, o diyaryo tungkol sa bagong sabong pambalat o pang-damit; na may taglay na di-mapantayang bango? O di kaya naman ay anunsyo tungkol sa bagong sigarilyo o alak na mas mura ngunit di-mapapantayan ang suwabe?

Lahat ng mga anunsyo at/o advertisements na ito ay saligan ng kulturang tingi, na kung titingnan mula sa malayong sipat ay tila pagtanggap na lamang na hindi na makasasampa kahit kailan ang sambayanang Pilipino sa jeep na biyaheng Masagana, sa kanto ng Progreso at Kaunlaran.

Ang ikonikong sachet ay emblematiko sa kulturang tingi sa Pilipinas. Ang sachet ay maliit, madaling bilhin, bitbitin, at ipamahagi. Bawat yunit ng sachet na tinitinda sa masang Pilipino ay may dalang pangako ng ginhawa, bagamat mahigpit ang sinturon at kailangang magtipid.

Halos lahat ng personal na pangangailangan ay naititingi at naipapasok sa kapirasong sachet. Kendi, tsokolate, palaman sa tinapay, ulam, suka, toyo, mantika, paminta, shampoo, toothpaste, sabong mabango, sabong panlaba, mabangong pangbanlaw — walang katapusan ang mga bagay na isinisilid sa sachet. Isama na rin natin sa listahan ang ilegal na droga, tulad ng marijuana at shabu.

Sino ba sa atin ang hindi pa nakabasa, nakarinig, o nakapanood ng balita tungkol sa mga nagtutulak o gumagamit ng droga tulad ng shabu? Ang ispektakel ay iisa tuwing may natitiklong gumagamit o nagbebenta: ang mga sachet ay ilalagay sa lamesa, at tatayo sa likod ng mesa ang mga nahulihan ng droga. Madalas, nakakahel na kamison na at nakaposas. Minsan, pasa-pasa rin ang mukha ng mga hinuli, ngunit hindi na pinapansin ito. Ang mahalaga, maipapakita sa taumbayan ang mga sachet na droga at makakapagtalumpati na ang hepe ng istasyon na nakipagtunggali sa mga puwersa ng kadiliman — ang mga taong gumagamit o nagbebenta ng shabu.

Sa kasalukuyang daloy ng kasaysayan ng Pilipinas, masasabi natin na wala na sigurong mas kukulay pa sa 'war on drugs' na naglalayon daw na linisin ang bansa sa ilegal na droga o shabu. Kung ang pagbabasihan ng pananaw ay social media; maaaring sabihin na maraming natutuwa sa giyera na ito, at "salot" nga naman ang tinutugis ng pambansang kapulisan.

Ngunit kung titingnang mabuti, ang giyera nga ba'y tungkol talaga sa mga sachet ng shabu na kinukumpiska ng mga pulis sa mga gumagamit o ang nagtutulak nito? Ganoon nga ba kasimple ang solusyon sa problema ng droga, sa bansang nagpapantasyang maging First World ngunit lugmok sa mga realidad ng bansang Third World?

Sa aking sipat, ang 'war on drugs' ay nakasunod rin sa kultura ng tingi — na sa bawat operasyon ng kapulisan kung saan ang pakay ay mga sachet ng droga, naglalapat din ng 'tingi-tinging' solusyon ang estado sa sistematikong suliranin ng nasyon.

Ang inilalahad lamang sa tuwina ay mga imahe ng mukha ng mga nagkasala sa lipunan. Ngunit ang tingi-tinging ebidensya ng tagumpay ay madalas nalulunod sa karumal-dumal na mga balita ng di-maipaliwanag na patayan. Madalas ang mga namamatay ay nagmumula sa hanay ng hikahos sa buhay.

Ang mga punerarya'y napupuno ng mga katawang hindi makuha-kuha ng mga kaanak dahil walang pambayad sa serbisyo. Bawat umaga, bumubulaga na lamang sa atin ang mga katawang iniwan o itinapon kung saan-saan; mga katawang madalas itinatali at ibinibigkis, bago lagyan ng karatula upang ipaalam sa lahat kung ano ang 'kasalanan' ng namatay. Kung pagtatabi-tabihin ang mga bangkay ng libu-libo nang pinaslang mula nang magsimula ang 'war on drugs,' siguro'y mapaiisip ka na lang din: tila hinahainan ang bayan ng mga sachet ng mga katawan ng mga maysala, dahil lahat sila'y binigkis, pinangalanan bago ipamahagi ang mga imahe nila sa sambayanan.

Maraming nagagalit sa mga pumupuna sa 'war on drugs.' Marami ring nagsasabi na mainam ang karahasan, sapagkat natatakot ang mga 'pusher' at 'adik' na kumilos, dahil gusto pa nilang mabuhay. Natatakot ang tao na isilid din siya sa sachet ng karahasan at sa huli, pagkalimot.

Walang nakaaalala ng ngalan ng huling namatay dahil sa 'war on drugs.'

At dahil ang mga taong namamatay ay laging sinasabi "may koneksyon sa ilegal na droga," maaari nating sabihin na walang ligtas, sapagkat lahat tayo ay maaaring sabihan na 'pusher' o 'adik.' Nagkukubli sa mga personal na interes at politika ang mekanismo sa pagsugpo sa ilegal na droga.

Tayong lahat ay nakaasa na lamang kung ano ang kayang ibalita ng mga tunay na journalist. Kung tutuusin, maliit ang sipat natin dahil nakaasa lamang tayo sa kung ano ang kayang saliksikin at ibalita ng pribadong mamamayan na nagkataon lamang na nagtatrabaho bilang mga tagapagbalita.

Hanggang saan kaya tayo kayang buhayin ng kultura ng tingi-tingi, at mga solusyong "band-aid" o pansamantala lamang?

Hanggang saan natin kayang tiisin na binubuhay tayo ng tingi-tingi ngunit ang ating pambansang pantasya ay maging First World?

Siguro, kailangan munang suriing mabuti ang mga dahilan kung bakit tayo ganito. Nang sa gayon, makahanap na tayo ng mga solusyong akma sa aktuwal na mga problema.

Hindi yung tingi-tingi lahat — pati pag-asa ng pag-ahon ng bayan.

*Nagwagi, Unang Gantimpala sa Sanaysay, Saranggola Blog Awards 2017.

Si Marius Carlos, Jr. ay isang kuwentista, mananaysay at peryodista. Siya ang kasalukuyang punong patnugot ng Revolt Magazine at Creative Director ng Vox Populi PH. Maaari siyang kontakin para sa mga proyekto. Social: Minds |MeWe |Twitter.

Things Fall Away: Philippine Historical Experience and the Makings of Globalization.

Tadiar treats the historical experiences articulated in feminist, urban protest, and revolutionary literatures of the 1960s–90s as "cultural software" for the transformation of dominant social relations. She considers feminist literature in relation to the feminization of labor in the 1970s, when between 300,000 and 500,000 prostitutes were working in the areas around U.S. military bases, and in the 1980s and 1990s, when more than five million Filipinas left the country to toil as maids, nannies, nurses, and sex workers. She reads urban protest literature in relation to authoritarian modernization and crony capitalism, and she reevaluates revolutionary literature's constructions of the heroic revolutionary subject and the messianic masses, probing these social movements' unexhausted cultural resources for radical change.

Об авторе.

Neferti X. M. Tadiar is Professor of Women's Studies at Barnard College, Columbia University. She is the author of Fantasy-Production: Sexual Economies and Other Philippine Consequences for the New World Order , winner of the Philippine National Book Award.

Neferti X. M. Tadiar.

Neferti Xina M. Tadiar joined the faculty of Barnard in 2006, after teaching in the Department of History of Consciousness at the University of California, Santa Cruz for nine years. Her academic interests include transnational and third world feminisms; postcolonial and Marxist theory; critical theories of race and subjectivity; literary and social theory; cultural studies of the Asia Pacific region; and Philippine studies.

Professor Tadiar's work examines the role of cultural practice and social imagination in the production of wealth, power, marginality, and liberatory movements in the context of global relations. Her research focuses on contemporary Philippine and Filipino cultures and their relation to political and economic change, while addressing broader issues of gender, race, and sexuality in the discourses and material practices of nationalism, transnationalism, and globalization.

Professor Tadiar is working on two book projects: Present Senses: Aesthetic Politics and Asia in the Global (with Jonathan L. Beller) and Remaindered Life: Becoming Human in a Time of War.

She is the author of Things Fall Away: Philippine Historical Experience and the Makings of Globalization (2009) and Fantasy-Production: Sexual Economies and Other Philippine Consequences for the New World Order (2004), which was awarded the Philippine National Book Award in Cultural Criticism for 2005.

Professor Tadiar is co-Editor of the international cultural studies journal, Social Text.